Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-10 NG ENERO, 2019.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. GILBERT T. GATCHALIAN | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NOEL G. PINEDA | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. ALMA A. GATCHALIAN | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. YOLANDA B. AZADA | " |
| KGG. BERNARDO B. OPLE, JR. | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. CHRISTIAN P.C. BAUTISTA | Kasangguni |

---

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 03-2019

ISANG KAPASIYAHAN NA NAGPAPAHAYAG NG TAOS-PUSONG PAKIKIRAMAY ANG BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD SA PANGUNGUNA NG PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD, KGG. GILBERT T. GATCHALIAN AT ANG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS SA PANGUNGUNA NG PUNONG LUNGSOD, KGG. CHRISTIAN D. NATIVIDAD SA NAULILANG PAMILYA AT KAANAK NG YUMAONG SI IGG. EFREN A. FAUSTINO, DATING KAGAWAD NG BARANGAY NG BULIHAN, LUNGSOD NG MALOLOS.

AKDA NG BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS
ITINAGUYOD NI: KGG. ENRICO C. CAPULE

SAPAGKAT, si Igg. Efren A. Faustino, Animnapu't Siyam na taong gulang (69 years old), dating Kagawad ng Barangay ng Bulihan, Lungsod ng Malolos ay sumakabilang buhay noong ika-06 ng Enero, 2019;

SAPAGKAT, lubos na nagdadalamhati ang kanyang mga naulilang anak na sina William, Alvin at Joel, pati na rin ang kanyang ibang kaanak at mga mamamayan ng Barangay Bulihan;

SAPAGKAT, si Igg. Faustino ay nagtala ng paglilingkurang publiko bilang dating bahagi ng Sangguniang Barangay ng Bulihan bilang Kagawad noong taong 2002;

SAPAGKAT, siya ay isang huwarang lingkod-bayan at naging saksi ang bawat isa sa atin sa kanyang katapatan, kasipagan at kagandahang-loob, mga katangiang hindi niya ipinagdamot hanggang sa huling yugto ng kanyang buhay;

SAPAGKAT, ang pagyao ni Igg. Faustino ay nag-iwan sa atin ng matinding kapanglawan at ang mga katangi-tangi, masikhay at mapagkalingang pamanang gampaning iniwan niya sa atin ay lubos nating ipagpapasalamat, patuloy na isusulong at itataguyod bilang bantayog ng isang mabait at mapagmahal na lingkod bayan;

Dahil dito, sa pamamagitan ng kahilingan ni Kgg. Enrico C. Capule na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

IPINASIYA, gaya ng dito ay ginawang pagpapasiya, na ipinahahayag ang taos-pusong pakikiramay ng bumubuo ng Sangguniang Panlungsod sa pangunguna ng Pangalawang Punong Lungsod, Kgg. Gilbert T. Gatchalian at ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos sa pangunguna ng Punong Lungsod, Kgg. Christian D. Natividad, sa naulilang pamilya at kaanak ng yumaong si Igg. Efren A. Faustino, dating Kagawad ng Barangay ng Bulihan, Lungsod ng Malolos.

PINAGTIBAY.

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NOEL G. PINEDA**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. ALMA A. GATCHALIAN**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. YOLANDA B. AZADA**
KASANGGUNI

**KGG. BERNARDO B. OPLE, JR.**
KASANGGUNI

***KGG. CHRISTIAN P.C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer III**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**INH. GILBERT T. GATCHALIAN**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

*DhorieTrogo(SDC2)*011519